THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

# Mumunting mga Bagay

Sis Techie Rodriqurez, Elder- Founder
Disyembre 22, 2022

Ang mumunting bagay ay halos walang kabuluhan. Noong unang umaga ng Pasko, may munting batang isinilang sa isang maliit na bayan. Bagamat hindi kilala ng sanlibutan kung sino ang batang ito, binago Niya ang kasaysayan ng mundo. Ipinagdiriwang ng sanlibutan ang Pasko, isang mahalagang araw na nakatatak sa lahat ng kalendaryo ng buong mundo. Totoo, ginagamit ng Diyos ang maliliit na bagay, gawain, lugar at tao sa pagpapakilala sa ating Panginoong Diyos sa mundo.

**1. Ginagamit ng Diyos ang maliliit na bagay.**
Tuwing Pasko, mga bata ang sabik na sabik. Natutuwa silang nakamasid sa mga regalo, sa mga kumukutitap na mga ilaw, at mga masasarap na pagkaing kanilang pinagsasalu-saluhan. Noong ipinanganak si Jesus, pinili ng Diyos ang mga pastol (Lk.2:8-9) sa halip na mga makapangyarihang mga tao, mga Pariseo o mga maharlika. Piili ng Diyos si Inang Maria, isang batang may mababa ang loob, at si San Jose, isang karpintero, bilang mga magulang ng ating Panginoon dito sa sanlibutan. Pinili ni Jesus ang sa palagay ng sanlibutan ay kahangalan, mga mahihina, mga hamak, walang halaga at walang kabuluhan sa sanlibutan para makita Siya (1Cor.1:27-29) at maranasan ang buhay kasama si Jesus. Ginagamit din ni Jesus ang malilit na tao para makagawa ng malalaking bagay. Ang kwento ni David, Moses, Gideon, Elisha, at ang batang lalaking nagdala ng limang tinapay na sebada at dalawang isda ay mga taong pinili ng Diyos.

**2. Gumagamit ng maliliit na lugar ang Diyos.**
Maliliit na lugar ang ginagamit ni Jesus noong ginagawa Niya ang Kanyang mga gawain dito sa sanlibutan. Tumira Siya sa Nazareth sa rehiyon ng Galilee, at isinilang Siya sa bayan ng Bethlehem. Dagdag pa nito, nakita na noon ng mga propeta sa lumang tipan ang kahalagahan ng mga lugar na ito sa kaligtasan ng mga tao.

**3. Ginagamit ng Diyos ang maliliit na bagay.**
Noong ipinanganak si Jesus, hindi Siya nakahiga sa isang malambot na kuna subalit sa isang sabsaban na nakabalot sa isang lampin. Gumagamit ng maliliit na bagay ang Diyos para makagawa ng malalaking bagay. Nagpakita rin ang Diyos sa parang ningas sa gitna ng isang mababang punongkahoy. Bukod dito, gumamit si Samson ng panga ng asno sa pagpatay sa mga Filisteo at ang babaing balo ay gumamit ng basyong sisidlan para makita ang himala mula sa Diyos.

**Paano tayo gagamitin ng Diyos?** Magagamit tayo ng Diyos kung handa tayong magpagamit sa Kanya. Hindi sapat na isipin nating tayo'y kaisa Niya sa Espiritu, subalit ialay natin ang ating sarili bilang handog na buhay, banal at kalugod-lugod sa Kanya (Roma 12).

**4. Ginagamit ng Diyos ang ating maliliit na gawain.**
Nakikita ng Diyos ang ating ginagawa at may kaakibat na gantimpala ang bawat gawain. Ang naghahasik ng kakaunti ay mag-aani ng kakaunti, at ang naghahasik naman ng marami ay mag-aani ng marami (2Cor.9:6). Ang mga maliliit natin gawain para ating Kristyanong pamayanan ay mahalaga sa paningin ng Panginoong Diyos.

**Konklusyon:**
Nakikita natin ang Diyos sa maliliit na bagay. Tingnan natin ang maliliit na kilos para malaman ano ang banal. Sa pamilya ng Diyos, ang ating mumunting kilos at gawain sa pamayanan ay may gantimpala mula sa Diyos. Dapat kilalanin natin ang presensya ng Diyos at tumugon sa Kanyang tawag para maglingkod.

**Pagninilay:**
1. Sa anong paraan mapaglilingkuran mo ang iyong pamilya?
2. Kailan kaya ang pinakamagandang panahon ng paglilingkod sa Diyos?
3. Paano mo bubuksan ang iyong buhay kay Cristo para maglingkod?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
#pananalapi; #salapi: #pagkakautang